

Papel

(ni: CorrectionFluid)

Pengeng papel.

Pengeng $\frac{1}{8}$.

Pengeng $\frac{1}{4}$.

Pengeng $\frac{1}{2}$.

Pengeng 1 whole.

Pengeng ...

“OH ANO?! One whole naman ngayon?! Anak ka ng teteng!”

“Anak ako ng nanay ko. E, sige na kasi .. one whole lang e.”

“Bakit di mo na lang kaya angkinin yung papel ko? Nahiya ka pa talagang manghingi ‘no?’”

“Pwede rin. O kaya naman, *ikaw* na lang ang aangkinin ko.”

“ANO?!”

“WALA. Sabi ko, penge na kasing papel.”

“May pambili ka ng iPhone 4s, pero yung bente pesos na pad paper, wala?!”

“Iba naman yun. Kaya sige na, please?!”

“Tumigil ka ng kagaganyan mo, Jet!”

“Ito naman! Umagang – umaga ang init ng ulo!”

“Kung ikaw ba naman yung may katabing tetano, hindi ba umakyat lahat ng dugo mo sa ulo?”

“Ang gwapo ko namang tetano!”

“Ang yabang kamo!”

Sa huli ako rin ang nagwagi. Wala na siyang nagawa at inabot din niya yung isang piraso ng papel na hinihingi ko.

Ganito kami lagi.

Tuwing umaga, hihingan ko siya ng papel. Basta, kahit na anong sukat. Mapa 1 whole, $\frac{1}{4}$, $\frac{1}{2}$ lengthwise o crosswise at minsan, kahit $\frac{1}{8}$ pa nga. E sa totoo naman kasi na wala akong papel e.

Hindi naman ako dukha. Narinig niyo naman siguro doon sa babaeng halimaw na iPhone 4S ang gamit kong telepono. Sadyang tamad lang akong pumunta sa mga tindahan at bumili ng kung anu – anong maligno na ginagamit ng mga tunay na estudyante.

Pero, hindi lang naman yun ang rason ko kung bakit humihingi ako sa *kanya* ng papel. Liban sa pinaghahandaan ko kung sakaling may surprise quiz kami, may ginagawa rin akong *kababalaghan* doon sa bawat papel na hinihingi ko.

Gusto niyong malaman kung ano?

E, basta sa ngayon, sakin na lang muna yun. Pag ayos na ang lahat, pangako, sasabihin ko rin sa inyo. Sa ngayon, mainip na lang muna kayo sa bawat kwento ko ukol doon sa babaeng halimaw na walang ginawa kundi ang mayamot sa pagkatao kong gwapo.

KLASE namin ngayon sa Trigonometry at napansin kong kanina pa malayo ang tingin nung babaeng halimaw na ikinukwento ko sa inyo. Bihira lang siyang ganyan, kaya naman aaminin ko, *nag – aalala 'ko*.

Madalas kasing maingay yan at dada ng dada .. tuwing recitation. Partida, Math pa yung subject na sobrang kinaaadikan niya. Kaya naman sobrang nakakapagtaka lang kung bakit biglang naging mahinhing Maria Clara 'tong babaeng 'to na pinaglihi kay Valentina.

Pag naman kinulit ko 'to ... nah, wag na. Baka kasi bigla na lang niyang ihambalos yung arm chair sakin pag kinausap ko e.

Kaya naman ang ginawa ko, oo na! Sabihin niyo ng baduy kung baduy, pero *sinulatan* ko siya.

Ano sa tingin niyo yung magandang ilagay sa sulat?

Teka – teka, bago ang lahat, kukuha lang ako doon sa mga *reserba* kong papel. Yung one whole na ang kukunin ko para naman malaki pa yung espasyo sakaling maisipan man niyang sumagot. Tapos, samahan niyo kong magpraktis ha? Sabihin niyo na rin kung ubod ng mais yung ilalagay ko. Pag wala kayong masabi, kakainin ko na lang yung papel at iinumun ko yung tinta ng bolpen. Ano, deal?

Eto na ..

Cesna,

Anong problema mo? May regla ka ba ngayong araw? Kung oo, sige naiintindihan ko na kung bakit ang layo ng tingin mo at daig mo pa yung drug addict na naka – high sa pagkatulala. Nakakapanibago lang kasi e.

Nagmamahal,

Jet.

P.S.

At kahit na, may pagkukulang ka .. Isang ngiti mo lang limot ko na. <3

Ayos ba?! Hehe. Tang'na dre. Sabihin niyo na naman kung baduy ba at tototohanin ko nga yung sinabi ko sa itaas.

Ano nga?! E wala naman kayong sinasabi so, sige. Wala ng atrasan 'to ah? Ibibigay ko na. kasehodang buwis - buhay pa 'to. Andadaya niyo, dapat nasa likod ko kayo para pag hinampas ako ni Cesna ng armchair, kasama kayong masasaktan. *Domino effect* lang mga 'dre.

Tiniklop ko na yung papel. Hindi naman ako magaling sa origami at wala akong balak magpakadalubhasa doon kaya wala ng arte – arte. Itinupi ko lang ng apat na beses yung papel tapos nilagyan ko na ng: **Para Sayo, Galing Sakin.**

Inabot ko na sa kanya yung sulat. Kumunot pa nga yung noo niya pagkatanggap e. Parang sinasabi nung mga noo at kilay niya, **“ano na namang kagaguhan ‘to?’”**

Daig ko pa yung naghihintay ng hatol ni kamatayan e. =___=

Ayan na, ayan na .. binuklat na niya.

Tumutulo na yung pawis ko sa noo. Nanunuyo rin yung lalamunan ko. Tang'na mga dre, penge namang tubig o!

Binabasa na niya yung sulat at teka .. sinasagot na niya ..

Pero bakit .. napapangiti ata siya?

Nakita ko na lang na binalik na pala niya sakin yung sulat. Whew! Kailangan ko ng malaman yung hatol ni kamatayan.

Jet,

Akala ko manghihingi ka na naman ng papel e. Oo, may regla 'ko kaya umiwas – iwas ka at baka di kita matantya. De, biro lang. Haaaay. May problema kasi ako e. Pero, salamat kasi dahil sa sulat mo, napangiti ako.

Cesna

P.S.

Umayos ka ha! Anong kalandian 'yang nasa post script mo?! >:(

Wuhow! Jackpot! Pwedeng umiyak?!

De, ayoko. Pag umiyak ako e di pinagtawanan ako ng mga kaklase kong gago. Ano kasi e. Uhhh ..

Oo na! Kinikilig ako sa sagot niya!

Hay buhay.

Pero, teka .. may problema raw siya?! Ano naman kaya yun?!

Sa tingin niyo, dapat ko ba siyang tanungin? Para naman syempre, mabawasan kung anuman yung bigat na dinadala niya. Aba 'no, kahit naman ganyan yan, *ayoko siyang nakikitang nasasaktan.*

Cesna,

Tara, sabay tayong kumain mamaya. Ikwento mo naman sakin oh. Kasi, hindi ako sanay na nakikita kang mahinhin e. Mas gusto ko yung para kang halimaw na dakdak ng dakdak. Ano, wala ng angalan ha?! Sasabay ka sakin sa gusto at gusto mo.

Nagmamahal,

Jet.

P.S.

Yung post script ko? Maiintindihan mo rin yun lahat balang araw. Wehehe! >:)

Hindi na niya sinagot yung sulat. Itinupi na lang niya ulit yung *papel* at itinabi sa likod ng kwaderno niya. Pero yung diretsong ekspresyon ng pagmumukha niya kanina e napalitan na ng ngiti.

Tumalon na naman tuloy yung puso ko.

Nawiwirduhan na kayo sakin no?

O siya, siya .. magkukwento na nga ko sa inyo.

Ganito kasi yan ..

Iyang babaeng halimaw na pinaguusapan natin ngayon, e nako .. matagal na niyang nahalukay lahat ng laman – loob ko.

Bastos yan e! Alam niyo kung bakit?! Wala man lang pasintabi, diri – diretso ba namang pumasok sa buhay ko?!

Tapos alam niyo pang malupit?!? Aba! Ayun! Sobrang kapal lang ng mukha niya dahil ..

Kinuha lang naman niya yung puso ko.

O diba?! Walang binatbat sa kabastusan niya yung mga kalahi ni Corazon.

Pero seryoso ..

First year college pa lang kami nung ... nabighani na ko sa ganda niya. Tang'na dre, walang kokontra! Trip kong magpaka – makata ngayon kaya walang basagan!

E kaso, yang babeng halimaw na yan, wala namang ginawa sa buhay niya kundi sambahin yung minamahal niyang mga kwaderno at libro. Masyadong hayok sa pag – aaral, yan tuloy ..

Hindi niya napapansin yung mga taong nagpapapansin sa kanya.

Sa madaling salita, pinaglihi siya sa anaesthesia! Napaka – manhid!

Kaya naman simula nung tumuntong kami sa ikalawang taon sa kolehiyo, e nakaisip ako ng isang napaka – gwapong plano. Parang ako lang.

June 17.

Sinimulan ko ng humingi ng papel sa kanya.

At oo, syempre .. alam kong kaarawan niya 'yan. Ako pa! Walang maililihim sakin. Sus! Sa dami ba naman ng pwedeng pagtanungan ukol sa babaeng halimaw na 'yan e. Kahit ata kung anong kulay ng singit niya, alam na alam ko.

Pero syempre, biro lang yun.

De, seryoso nga. Masyado kasi siyang naging misteryo para sakin noong mga panahong hindi pa kami gaanong nag – uusap. Sa totoo lang, wala namang kinakausap 'yan kahit noong unang taon pa lang namin sa kolehiyo, at mistula kaming mga batang yagit na katutuntong pa lamang sa bagong mundo.

Habang abala sa pakikipaglandian at pakikipagkaibigan yung iba naming kaklase, (kasama na 'ko) ito namang babaeng kinukwento ko sa inyo, aynako! Wala! Kinakausap niya yung mga notebook niya. Seryoso. Bago dumating yung propesor, nakita kong binibilang pa niya kung ilan yung kulay asul at pula niyang notebook, tapos ipapatas niya muna lahat sa mesa, pagsasama – samahin at saka niya ibabalik sa bag pag nakuntento na siya sa ayos niya. O diba!?! Anong sinabi ng National Bookstore sa bag niya?!

Tapos, nung nagpakilala na kami isa – isa ..

Doon ko napansin na .. *tengene, ang ganda pala niya*. Tinanggal niya kasi yung salamin niya bago magsalita. E ako naman, parang may nagbulong sa tenga ko na *'Tingnan mo yung nagsasalita, tol! Maganda!'* Ang ending, biglang lingon naman tuloy ako sa kanya kahit na katabi ko lang siya.

dug – dug – dug – dug

At doon na nagsimula ang kasaysayan ng paghalukay ng babaeng halimaw na yan sa lahat ng laman – loob ko—biruin mo?! Araw – araw para kong nagmamarathon dahil sa lakas ng tibok ng puso ko lalo pag nagkikita, nagkakasalubong o nagkakausap kami. Ang pinakamalupit, yang bastos na babaeng yan, walang katuk – katok .. walang doorbell – doorbell, pero ..

Basta – basta na lang pumapasok sa isipan ko.

Dahil wagas na wagas naman yung pagiging desperado ko sa kanya, para makausap niya 'ko .. araw – araw kinakausap ko siya. Kaso, sadyang mailap siya. Sasagot siya pero ang titipid ng sagot niya. Tipong mga “oo't – hindi” lang, o kaya naman “baka – siguro.” Lalo lang tuloy siyang nagiging misteryosa para sakin.

Buti na nga lang, magmula noon, hanggang ngayong ikatlong taon na namin, wala pa rin siyang kaide – ideya sa kung anong ginagawa at binabalak ko sa bawat *papel* na hinihingi ko sa kanya.

TANGHALIAN. Hindi kami nagpunta sa canteen. Inaya ko muna siya sa org office dahil may baon ako at marami naman ang pagkain ko. Kakasya nga 'to para sa tatlong tao e.

Umupo muna kami sa isang tabi. Hanggang sa sinabi ko sa kanya ..

“Ano ba talaga ang problema ha?”

Nakita kong huminga muna siya ng malalim bago nagsalita.

“J-jet, mamimiss mo ba ko sakaling umalis ako?”

Naguluhan ako sa tanong niya. E di ako naman, dahil likas na sakin ang pagiging gago at hobby ko ang 'gaguhan' ..

“Bakit?! Saan ka ba pupunta?! Paano ka aalis e ngaun nga, magkasama pa tayo dito o?!”

Imbis na matawa o mainis sa binanat ko, tumingin siya sakín ng matagal .. tapos nagulat na lang ako ng biglang ..

“Nakakainis ka! Alam mo, ang manhid mo rin e no?! Hindi ka ba makahalata?!”

Tae, kinabahan ako. Pag kasi ginagamit yang salitang ‘*manhid*,’ hindi ko mapigilan pero napapaisip ako ng kung anu – ano ..

Hindi kaya ..

Nakahalata na rin siya?

Hindi kaya ..

P-pareho rin kami ng nararamdaman?!

“A-anong hindi makahalata?! D-diretsuhin mo na kasi!”

“Ang engot – engot mo! Aalis na kasi ako, magtatransfer ako ng ibang school dahil sa trabaho ng daddy ko, gago!”

“.....”

Hindi ako nakasagot. Hindi maproseso ng isip ko yung sinabi niya.

Tiningnan ko lang siya. Nakatingin siya sa marmol na sahig nung office namin. Habang ako, hindi malaman – laman kung ano ba yung una kong sasabihin sa kanya. Tengene, sino bang matutuwa dahil sa balita niya?

“G-ganun ba?! E di ayaw mo nun, m-marami kang makikilala. Wag na wag mo ‘kong kakalimutan a?!”

Hindi ko na napigilan yung sarili ko. Lumapit ako sa kanya para yakapin siya. Wala namang masama diba? Yayakapin ko lang yung babaeng *pinakamamahal* ko .. na ngayon nga ..

Mawawala rin pala sakín ng hindi ko inaasahan.

Tengene dre e. Ang sakit – sakit lang.

“Pag nagka – boyfriend ka, ikwento mo sakín a?! Wag kang maglilihim. Alam mo namang gustung – gusto kong makakarinig ng chismis mula sayo e.”

“He! Tumigil ka! J-jet, hindi kita malilimutan. *Hinding – hindi talaga.*”

Kinakabahan ako. Tae, bakít kasi ganoon siya magsalita?!

“B-bakit ba ganyan ka magsalita?! Para school lang naman diba?! Bakít, saan ba kayo pupunta?! Saan ka ba lilipát?!”

“J-jet, sa C-canada. Doon na kami titira *for good.*”

Pinipigilan ko yung luha ko, kahit na ang totoo .. mangiyak – ngiyak na rin ako dahil sa naririnig ko mula sa kanya. Sinikap kong ngumiti, kahit na ang totoo, sa loob – loob ko, masakít na masakít na.

“O, e di m-maganda. Magiging English – speakening dollar ka na! A-ayaw mo ba nun!”

“Jet naman e!”

Tapos, tuluyan na siyang umiyak sa mga braso ko. Tae, dapat kinikilig ako .. pero, syet lang e. Hindi yun yung gusto kong maramdaman. Sa totoo nga lang .. gustung – gusto ko na ring umiyak. Tengene lang.

Nakayakap lang siya sakín, habang ako .. inaalú – alo ko yung likod niya. Hinahaplos ko rin yung buhok niya, oo inaamin ko naman .. sinusulit ko na yung bawat pagkakataon .. yung mga sandali at segundo na *nandirito pa siya sa tabi ko, at kasama ‘ko.*

MAHIGIT limang taon na rin buhat nong umalis si Cesna. Akalain mo yun?! Maraming nalungkot dahil nga sa biglaan niyang paglayas. Marami rin palang makakamiss sa babaeng yun. *Kala ko kasi ako lang e.*

Nong grumaduate kami sa kolehiyo, syempre .. hindi ako lubusang masaya. Kasi, inisip ko ... *‘Si Cesna kaya?! Kamusta na kaya siya doon?! May nanliligaw na kaya sa kanya?! May boyfriend na kaya siya?! O baka naman may asawa na!’*?”

Syet lang.

Hay, nakakamiss lang talaga siya ... *sobra.*

Liban nga pala sa office work na ipinamana sakín ng butihin kong ama, nagtayo ako ng daycare center, na kung saan .. ako rin yung isa sa mga teacher. Sarili kong ipon ang ginamit ko sa pagpapatayo noon. Pero tuwing Myerkules lang ako nakakapunta doon dahil yun lang ang bakanteng araw ko. The rest of the week, wala na. nasa opisina ‘ko.

Pinamamahalaan siya nung isa kong brod, si Seth. Sabi ko sa kanya, siya na bahala sa lahat ng operasyon, so long as hindi ilegal at hindi kami maaagrabado ng gobyerno.

Myerkules ngayon, at syempre .. pupunta ‘ko doon sa day care center dahil nga ito lang ang bakanteng araw ko.

ring – ring

Sinagot ko muna yung tawag bago sumakay sa kotese.

“Oh?! Ito, papunta na. O?! May tinanggap kang bagong teacher kahapon!? Kelan siya magsisimula?! A, ngayon. E di maganda. Marami – rami na rin tayo. Basta ano ha?! T-teka, maganda ba?! WOAH!? Haha. Wag na uy, ikaw na lang ang manligaw sa kanya. O siya, sige na. Kitakits. Alis na ‘ko.”

Astig. May bago pala kaming makakasama. Hay ..

Sabi ni Seth, maganda raw. As in pwedeng ligawan. Pero ako, ayokong makipagsapalaran. *Hindi ko pa siya nalilimutan.*

At oo, hanggang ngayon, hindi ko naman itatanggi. Mahal na mahal ko pa rin siya.

Hay Cesna, bumalik ka na kasi. Alam mo ba, mahal na mahal pa rin kita.

“TEACHER, siya po o. Ayaw niya kong bigyan ng *paper*.”

“E kasi naman teacher, inaraw – araw na po niya. Ang tingin po niya ata sakin, *National Buttore*.”

Napangiti ako.

Tae, may *naalala na naman tuloy ako*.

Lumapit ako doon sa supplies cabinet at kumuha ng isang *papel*. Pero syempre, hindi naman ‘to intermediate dahil *papel* na pang *grade 1* lang ang ginagamit nitong mga bata.

“Oh Jerome, ito na, ikaw naman kasi, bakit ka nanghilingi ng *papel*?”

“E teacher, ayos lng naman po diba? Kasi po, mabait naman siya—kaya sa kanya po ako humihingi.”

“E bakit ka namumula? Siguro ..”

“TEACHER! Naku, wala po! Wala po talaga! Hindi ko po siya *kras*.”

“Uuuuuuuyy! *Liligaw na si Jerome kay Cari!*”

Nakakatuwa lang yung mga bata. Yan ang masarap sa day care e. Iwas stress na, libreng entertainment showcase pa!

“Seth, bantayan mo muna sila. Punta lang ako sa garden.”

“Pero Jet, darating na yung bago.”

“Harapin mo muna.”

Lumabas na ko ng room. Bago ko tuluyang lumabas, napatitig pa ko doon sa *display* na nasa bulletin board.

Drawing niya.

Lahat ng *papel* na hiningi ko buhat noong June 17 2011 hanggang August 3, 2012, yung inipon ko. Minsan kasi, nababawasan nga .. pero nababawi rin naman dahil dala – dalawa ako kung humingi sa kanya sa buong maghapon. Minsan, pakapalan na talaga at ginagawa kong apat pa.

Bawat petsa, sinusulat ko doon sa itaas na bahagi nung *papel*. Pero, maliit na maliit lang.

Mga ganyan lang. Tipong hindi kakain ng malaking espasyo.

Noong una, balak ko sanang gumawa ng malaking banner gamit ung mga *papel* e. Hobby ko rin kasi ang pagdo – drawing, kaya naman aliw na aliw ako sa mga ganyang bagay.

Pero nung mahigit isang linggo pa lang siyang nakakaalis at sobrang depressed ako dahil sa kanya ..

Napagpasiyahan kong ..

Pagdikit – dikitin yung *papel* ..

Yung humigit kumulang limangdaang pirasong *papel* ..

At ighit yung ..

Napakaamo at napakaganda niyang mukha.

Natapos kong idrawing yan dalawang araw bago mag Nobyembre. Nilagyan ko ng card board sa likod para tumigas. Tiyagaan din ang paglalagay ng plastic cover.

Ang martir no?!

Pero dahil mahal ko siya .. ay tae, mali .. dahil *mahal na mahal* ko siya, ayos lang .. kung ito na lang ba yung paraan para maipakita't maiparamdam ko yung pagmamahal ko, ayos lang.

Namalayan ko na lang na nakaupo na pala ko sa bench doon sa hardin.

Hayy .. Cesna.

Cesna .. kelan ka kaya babalik? Pero .. yun yun e. Yun yung masakit na tanong.

Hindi ko nga alam kung babalik ka pa e.

Sana, naririnig 'to ng isip mo.

Halimaw ka naman diba?

E di may kakayahan kang marinig kung ano yung sinasabi ng puso ko ..

Kung ano yung itinitibok nito ..

Oo na, corny na kung corny pero ..

“Cesna .. mahal pa rin—“

--“Sir, pengeng papel.”

Hindi ako maaaring magkamali.

Yung boses na yun.

Kilalang – kilala ko yung boses na yun.

Napalingon tuloy ako sa kanya.

“Sir, wala kasi akong papel e. E nakita ko doon sa bulletin board na ikaaksya lang pala dito yung papel, tipong dino – drawingan lang ba ng kung sinu – sinong mukha .. pero sir ha, infairness .. ang galing nung drawing. *Kuhang – kuha niya yung kagandahan nung babae e.*”

Napatingin ako sa mga mata niya.

Hindi ako makasagot kasi sobrang nabibigla pa ko sa bilis ng mga pangyayari.

“C-cesna—”

Ngumiti ako sa kanya.

--**"Namiss kita."**

Ito talagang halimaw na babaeng 'to ..

"Ako rin."

Hanggang ngayon ..

"Torpe! May padrawing – drawing ka pang nalalaman diyan."

Hindi pa rin nagbabago.

"E kasi—"

Hinahalukay pa rin ang mga laman loob ko ..

--**"Ano?! Sir kasi, penge ng papel .. tsaka hindi lang pala yun ang sasabihin ko."**

Tumatakbo pa rin ng basta – basta sa isipan ko ..

"Ano pa?!"

At ang pinakamulupit ..

"Pwede bang .. liban din sa papel sir, pwedeng pahingi ng *pagmamahal* ..

Pagmamahal galing sayo?"

Napapabilis pa rin niya yung tibok ng puso ko.

"Hanggang ngayon .. *bastos* ka pa rin."

Pengeng papel.

Pengeng $\frac{1}{8}$.

Pengeng $\frac{1}{4}$.

Pengeng $\frac{1}{2}$.

Pengeng 1 whole.

Pengeng ...

Pagmamahal galing **sayo**.

-THE END-

(c August 3, 2012 by CorrectionFluid)